KUNIN ANG IYONG DIGITAL NA TALAAN NG BAKUNA

Ano ang Digital na Talaan ng Bakuna (DVR, Digital Vaccine Record)?

Ang iyong Digital na Talaan ng Bakuna (DVR, Digital Vaccine Record) ay isang elektronikong talaan ng pagpapabakuna mula sa Talaan ng Pagpapabakuna sa California (CAIR, California Immunization Registry). Papahintulutan ka ng portal ng DVR na makita ang iyong mga talaan anumang oras nang hindi kinakailangang bumisita sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at maaaring gamitin para sa mga kinakailangan sa paaralan o trabaho.

Anong impormasyon ang kasama sa DVR?

Ang DVR ay mayroon ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga petsa ng pagpapabakuna, mga bakunang natanggap, at mga rekomendasyon sa bakuna sa hinaharap. Maaaring ma-print ang mga talaan!

Saan ko makikita ang aking Digital na Talaan ng Bakuna?

Bumisita sa **myvaccinerecord.cdph.ca.gov** o gamitin ang QR code sa ibaba upang humiling na makita ang iyong talaan. Ang online na form sa kahilingan sa DVR ay makukuha sa maraming wika.

Anong digital na mga talaan ang maaari kong makita sa Portal ng DVR?

Mayroong dalawang uri ng mga talaan na maaari mong makita sa portal ng DVR:

- **Ang COVID-19 QR code** na kapag ini-scan ng tagabasa ng SMART Health Card ay magpapakita ng parehong impormasyon sa iyong kard ng bakuna sa CDC: iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga petsa ng pagpapabakuna, at mga bakuna.
- **Lahat ng iyong mga pagpapabakuna na iniulat sa CAIR** ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at parmasiya. Mangyaring tandaan na lahat ng iyong mga pagpapabakuna ay maaaring hindi naiulat sa CAIR.

Para sa karagdagang mga tanong ukol sa DVR, bumisita sa **myvaccinerecord.cdph.ca.gov/faq** o tumawag sa **1-833-422-4255** (bukas ng M-F 8AM-8PM, SA-SU 8AM-5PM).